Minsan, mahirap magpalaki ng anak…

sa karamihan ng problema at kakulangan ng tulong at suporta ay nagiging mahirap para sa atin ang maging pasensyoso at mapagbigay sa ating mga anak kahit na gustuhin man natin.



Filipino Parent Support Circle

Sa Circle, ang mga magulang ay may pagkakataong maihinga ang kanilang nararamdaman sa kanilang mga anak at sarili. Matatagpuan nila dito ang pang-unawa, suporta, alalay at pang-iingganyo para matupad ang layunin nilang maging isang butihing ina at ama.

Filipino Parent Support Circles:

Vancouver: Tuwing Sabado
1:00 pm – 3:00 pm

Surrey: Tuwing Biyernes
3:00 pm – 5:00 pm

- Ito ay isang ligtas at komportableng lugar na nagbibigay ng suporta at edukasyon para sa mga magulang at tagapag-aruga/alaga na nagnanais na pagtibayin ang samahan ng mag-anak.
- Kung kinakailangan, magbibigay kami ng libreng bus tickets.
- May mag-aalaga sa inyong mga anak habang kayo ay nasa Circle

Ano'ng sinasabi ng mga magulang:

- *"Kung hindi sa suporta at tulong ng Circle, maaaring nawalan ako ng custody o karapatan sa aking nag-iisang anak... o ang pinakamalala pa'y baka nasa kulungan na ako."*
- *"Sa Circle, nakilala ko ang mga taong handang umunawa at makinig sa aking kalagayan ng walang halong panghuhusga..."*
- *"Palagay ang loob kong magkwento ng aking buhay dahil alam kong ang aking personal na impormasyon ay hindi makakalabas at mananatiling lihim sa loob ng Circle ..."*
- *"Ang mga "tips" at mga impormasyon tungkol sa iba pang mga programa ay napakalaking tulong para ako'y makaahon sa problema at maibalik ang dati kong sigla at lakas ."*
- *"Lumapit ako sa Circle para mabawasan ang aking galit, at matuto ng angkop na pamamaraan ng pagdidisiplina ng hindi mamamalo o mananakit. Gusto ko ring malaman ang batas sa Canada tungkol sa pagpapalaki at pagdidisiplina ng anak. "*

Tumawag sa: 604-669-1616

Email: office@parentsupportbc.ca

www.parentsupportbc.ca

PARENT SUPPORT SERVICES of BC

Collingwood Neighbourhood House

Creating a world where children and families are nurtured, valued and safe.

United Way of the Lower Mainland